

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART II)**

[Aired on 10 November 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Mga kababayan we are on --- after a break, we are on the second part of our meeting and... But before calling the next speaker, I'd like to mention the Cabinet members who are here with me attending.

We have the Secretary Tugade, who just finished with his report; then, we have Secretary Fortunato T. dela Peña of the Department of Science and Technology; then, we have Secretary Galvez; then, Secretary Año. You have with you conference attending is Secretary Duque; Secretary Roque; Secretary Nograles; Chairman sa MMDA, Benjamin Abalos; and sa FDA as usual si Dr. Enrique Domingo. Also with us Senator Bong Go and Executive Secretary Salvador Medialdea.

So the next --- for brevity in the discussion of our medical report, I would like to call first Secretary Galvez, tapos si Secretary Duque after para germane ang ano nila --- the subject matter is germane for both secretaries to report.

Secretary Duque, tapos ka na 'no? Ah 'di Secretary Galvez, rather, sorry.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; Senator Bong Go; Executive Secretary Salvador Medialdea; fellow Cabinet members; and other guests; sa atin pong mga kababayan, magandang gabi po.

Ang akin pong ire-report po ngayon ay ang ating preparasyon sa ating Bayanihan, Bakunahan itong National Vaccination Day, Mr. President. We will give details para iyong mga nakikinig po makapag-prepare po sa ating binabalita.

[Next slide, please. Next slide, please.]

So ito po 'yung naibigay na directive po ng ating mahal na Pangulo at ito pong pangalawa ito po 'yung aking idi-discuss po ngayon ito po 'yung sinasabi po na ang National Task Force kasama po ang DILG, DND will provide necessary support to the LGUs particularly in the delivery of vaccines to the cities and municipalities and the strategic mobilization of resources such as government air assets. Ito po ang directive ng ating mahal na Pangulo noong last briefing po natin through "Talk to the People."

[Next slide, please.]

So ang ginawa po natin nagkaroon po tayo ng series of meetings na dinaluhan po ng mga members sa DOH; DILG; sa NTF-NVOC; sa mga different LGUs po natin, 'yung mga League of Governors and Cities and Municipalities; kasama po ang mga regional offices ng DILG; at ang ating mga AFP-PNP units, BJMP; and also some Medical Associations and business sector.

Ito po ay nag-preside po dito ay si Secretary Duque, iyong una naming discussion, and pangalawa noong last Friday, ang nag-preside po si Secretary Año.

So ito po ang isa sa mga key points na pinakabuod ng resolutions po natin na to fast-track 'yung deployment and administration ng vaccines. Ito po ang directive ng ating mahal na Presidente challenging all our LGUs to ano to be creative in order to administer the vaccines that have been given to them soonest possible time.

Number two is to mobilize different government and private agencies, lalong-lalo na po 'yung mga puwede pong mag-mobilize ang AFP-PNP, 'yung DepEd, 'yung CHED, at saka po 'yung Department of Transportation.

And lastly, 'yung preparation po para sa ating National Vaccination Day or 'yung tinatawag nating Bayanihan, Bakunahan.

[Next slide, please.]

Ito po na-discuss na po ito ng ating mahal na Presidente. Pero ang maganda po dito 'yung challenge po ng ating mahal na Presidente sa ating mga LGUs at ang directive po na ginawa po ni SILG, Secretary Año at saka Secretary Duque, nagkaroon po ng tinatawag nating positive results.

Nakita po natin dito na talagang tumaas nang mataas ang ating total vaccine administered and at the same time, naka-receive po tayo ng tinatawag na highest weekly output na 5,473,704 jabs noong November 2-8.

And then, 'yung sinabi nga po ng ating mahal na Presidente na nagkaroon tayo ng 1.1 na pinakamataas na jabs. At naitaas po natin 'yung 7-day daily average to 781,957 jabs per day. Ito po normally nag-ano lang po tayo ng 400,000.

Though mayroon significantly po na nag-improve ang ating ano ang ating tinatawag nating output, kailangan pa rin po natin na i-increase ang ating output to 1.5 million daily jabs in order to achieve 'yung ating 70 million target before the end of the year.

Now, we will discuss po 'yung ano 'yung tinatawag natin na concept ng Bayanihan, Bakunahan sa National COVID-19 Vaccination Day Framework.

[Next slide, please.]

So ang atin pong framework ay talagang magkakaroon tayo ng Bayanihan. It will involve all society and all government agencies para magkaroon po tayo ng tinatawag na 3-Day Vaccination Program na itatalaga po dito sa --- before the end of the month.

[Next slide, please.]

Ito po ang rationale ng roll-out strategy proposal for the National COVID-19 Vaccination Day. As we ramp up the implementation of the COVID-19 vaccination nationwide, the National Government shall facilitate the vaccination activities and expedite vaccination of individuals with zero-dose by devoting three (3) days solely for vaccination activities nationwide. So ang objective po nito is to mobilize all stakeholders, people and logistics to facilitate the vaccination with COVID-19 vaccines of at least 15 million individuals in three (3) days.

Ang maganda rin po rito ay gagawin po natin na ito rin po ang isang daan na matulungan din po natin 'yung mga areas na medyo mahina po sa vaccination because of some challenges and also logistical limitations.

[Next slide, please.]

Initially po ito po 'yung tinatawag nating campaign concept. Ito po ang magiging ano po natin na we are recommending na magkaroon po ng either DOH circular, department circular or executive order to declare three consecutive days as a national holiday or "National COVID-19 Vaccination Days." Ang conceptual framework po natin ay whole-of-society approach and whole-of-government approach. It will be likened to 'yung like it's election day na talagang lahat po ng tao pupunta doon sa vaccination area. Like an election, doon po sila sa mga presinto. Ito po ang mga tao po na hindi pa bakunado at 'yun pong magkakaroon po ng mga boosters ay doon po pupunta sa tinatawag natin na mga designated na vaccination areas.

So ang target area po natin is 16 regions kasama po ang BARMM, and then it will be done simultaneously nationwide. So ang proposed implementation date po natin is November 29, November 30 at December 1. But it doesn't stop there. Ang ano po natin isu-sustain pa rin po natin 'yung vaccination day po na 'yun.

[Next slide.]

Ito po 'yung mga strategies po natin. Una, we have to expand and activate the vaccination site. Meaning, mayroon tayong tinatala na more or less 4,000 to 5,000 na vaccination sites. So itong mga vaccination sites pong ito katulad nung mga fixed sites, mga mega vaccination sites, at saka mga temporary posts, and also 'yung mobile vaccination teams.

We can also use 'yung ano 'yung tinatawag nating mga universities and colleges, 'yung arenas, gymnasiums, and also we can use the private sector fast-food chains like McDonald and Jollibee. They offer to other LGUs and also 'yung tinatawag nating 'yung mga malls and also workplace.

So we will also mobilize all government agencies. Katulad po ng AFP, PNP, at lahat po ng mga tinatawag nating service uniformed personnel sa CHED, DSWD, DOLE, PCOO, and other ano other government agencies that can help us in the vaccination of our total populations, and general populations and children.

Then also we will mobilize all government units starting from the provinces down to the different barangays. And then also, the Philippine Medical Association and also the different integrated association, Philippine Nurses, the Philippine College of Physicians, the Philippine Pediatric Society and other medical allied --- allied personnel like Philippine Dental Association and

also other private --- private sector partners will also be mobilized in order to augment our vaccination sites and vaccinators.

Also, we will mobilize all healthcare workers in the Philippines and participate in the National COVID-19 Vaccination Day, including all private, public or self-employed healthcare workers.

[Next slide, please.]

And then also we will fast-track the delivery of vaccines and ancillaries. Ito ang nakikita po natin na medyo --- mayroon tayong kaunting challenges. That's why we will request the AFP and the PNP and also OCD and DOTr and other private sector to help in the delivery of vaccines and ancillaries to different areas.

And also, we will intensify the social preparation activities to drumbeat the campaign so that we could increase furthermore the uptake and the acceptance of the vaccines regardless of the brand. And then, we will also activate the health emergency command system structure with the establishment of the Local Vaccine Operations Centers for governance and coordination.

[Next slide, please.]

This is the ano, the synchronization matrix. We will be having three and three phases: we have the preparation phase will be done on November 1-28; and then also with the execution phase from November 21-30 and December 1; and then also sustainment operations from December 2-31. Meaning, we will not end up with the National Vaccination Day. We will sustain the effort up to December 31.

So these are the different or different activities on the different phases. And also these and these phases will be further detailed by conducting another workshop. And with this, we will ano, we will make sure that all the different activities, together with the different responsibilities of the different organizations and agencies will be lined up in the synchronization matrix.

So 'yun po ang gagawin po natin, Mr. President, and we will also conduct another --- another ano, what we call the ano, the different consultations with the LGUs and also with the different organizations in order to complete all the different ingredients and details of this plan.

So 'yun lang po mahal na Presidente at marami pong salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Tatawagin ho natin ang ating sunod na speaker si Fortunato dela Peña, Secretary ng DOST.

DOST SECRETARY FORTUNATO DELA PEÑA: Salamat po, Ginoong Pangulo at magandang gabi sa ating mga kasama sa Gabinete, at sa ating lahat ng ating kababayan. Ang report po na ito ay covered ang taon mula noong 2016 hanggang 2021. Science and Technology Accomplishments.

At ang umpisa po nito ay `yung mga habilin ng Pangulo noon, noong magsimula pa lamang tayo *"...in this administration's priority to provide a comfortable and secure life for the Filipino, rest assured that you have my full support in empowering individuals and bringing our country towards better heights. I trust that you will be with me as we work together in establishing a brighter and better future for all... This I can assure you."*

At `yan po ay sinundan noong magkaroon ng 10-Point Economic Agenda ang ating Pangulo, ang ating administrasyon, na kung saan mayroong apat na items na nakita namin na malaki ang maiaambag ng science and technology. Ito ay `yung sa pagtaas ng ating competitiveness particular na sa industriya; ang pagdadagdag ng tinatawag na value added sa ating mga rural enterprises, products; ang paghubog sa world-class na human resources; at ang paggamit ng science and technology para sa creative industries.

[Next slide, please.]

Dito, again, ay sinabi ng Pangulo *"... Science and Technology remain important drivers of development as they underpin economic activities and improve many aspects of our daily lives."*

[Next slide, please.]

Dito po ay isang event at eksena ng ating Pangulo ay ipinakita niya ang kanyang support sa paggamit ng science and technology, partikular na po sa disaster risk reduction. Kaya naaalala ko tuwing nagkaroon ng extreme events ay tumatawag ang Pangulo ng pagmi-meeting doon sa lugar na `yun at isa-isa kaming nagre-report kung ano ang aming nai-contribute.

Sa panig ng Science and Technology, ang mga ahensiya namin na parating nakaalalay dito ay ang PAG-ASA at ang Philippine Institute of Volcanology.

[Next slide, please.]

Ang Pangulo natin ay nagbigay ng full support sa Philippine Space Act na siyang nagtayo ng Philippine Space Agency noong 2019 sa pamamagitan ng batas. At alam naman natin ngayon na kumo nga ang space technology ay naiba na ang --- ang masasabi nating kalagayan, hindi na katulad noong araw na puro malalaki ang satellites na ginagamit, ngayon po ay mayroon na tayong mga microsatellites at nanosatellites kaya ang ating mga inhinyero at scientists ay nakakagawa na rin nitong ating sariling satellites.

[Next slide, please.]

Ito po naman ay isang eksena na kung saan ito ang Pangulo naman ay ine-encourage tayo na patuloy na --- sa patuloy na pagtuklas ng mga teknolohiya para tumaas ang productivity ng agrikultura. At dito, kami ay magkatulong ng Department of Agriculture, kami ay sumusuporta sa research and development, sila naman ang nagro-roll out.

[Next slide, please.]

Ang aking report ay hinati namin sa 11 bahagi, maiiksi lang naman po ito. Una, sa panahon ng 2016 up to 2021, nakapagtayo tayo ng mga state-of-the-art facilities sa Science and Technology. Ginagamit po sa research and development, ginagamit din sa pagseserbisyo sa iba't ibang uri ng industriya sa pamamagitan ng mga laboratory testing, nang pagmi-maintain ng standards at iba pang serbisyo, calibration at 'yan po ay naisasagawa namin sa pamamagitan ng aming pitong national laboratories at 15 regional laboratories.

Pangalawa ay nag-introduce tayo po, ito ay for the period again 2016 up to now, 'yung tinatawag naming Science for Change Program kasi po nakita namin nang tayo ay pumasok dito sa ating administrasyon, ang karaniwang nagsasagawa ng research ay nandito lang sa Metro Manila o kaya ay sa Region CALABARZON at sa Central Luzon. Ang amin pong pondo for research and development, halos 83 percent ay napupunta diyan sa tatlong rehiyon at 'yung natitirang bahagi eh 'yun ang nagagamit sa ibang rehiyon.

Eh pero alam naman namin na may kakayahan ang iba't iba nating mga scientists sa iba't ibang rehiyon, in-introduce po namin itong programa na ito para sa tinatawag nating inclusive and sustainable development. Ipapakita ko po ang mga components niyan.

Iyong susunod po, 'yung pangatlo, 'yung mga halimbawa nung ating mga technology breakthroughs dito sa panahon ng ating administrasyon. Ang pang-apat, mula po noong nagkaroon ng COVID-19 ay naging abala ang Department of Science and Technology, magkakatulong kami ng DOH diyan

sa mga aspeto na 'yan pati dito sa ating NTF at makikita natin kung ano 'yung mga natuklas natin dito sa panahon na ito.

Ngayon, 'yun naman pong applications for productivity improvement dito po pumapasok 'yung pagtulong natin sa ating mga micro, small and medium enterprises na mapataas ang kanilang kapasidad at kapabilidad na mag-produce ng iba't ibang mataas na quality na produkto. Iyan po ang naging daan para karamihan sa kanila ay makapag-export na ng ating mga produkto.

Nandiyan din po 'yung improvement natin in terms of --- [*Anong tawag dito?*] --- 'yung pagtulong sa mga marginalized sector na magkaroon din sila ng science technology interventions para bumuti naman ang kalidad ng kanilang buhay.

Ang pang-anim po ay 'yung suporta sa technopreneurship. Ngayon po ay unti-unti na na dumadami ang mga technology spin-off companies nanggagaling sa ating mga researchers, nanggagaling din sa mga iba pang tumutuklas ng innovations ano at iyan ay sinusupportahan natin lalo na po ngayon na mayroon na tayong Innovative Startup Act.

Iyon pong pang-pito ay iyong sinasabi ko nga na building resilience to disaster risk and climate change at dito po sa ating administrasyon, itong 2016 up to 2021, dito natin kinakitaan nang napakalaking bahagi ng ating pondo sa research and development ay napunta sa disaster --- dito sa building resilience to disaster.

Iyong number eight po ay iyong human resource development. Iyong sinasabi nating paghubog ng world-class human resources. At ito naman po ay partikular na para sa Science and Technology at makikita natin mamaya iyon.

Iyon pong pang siyam ay isa sa mga batas na pinirmahan ng Pangulo during his administration, ang Balik Scientist Act, na bagama't mayroon na kaming programa na marami ng taon ay ngayon lang ito na-institutionalize sa panahon ng ating Pangulo.

And sa international collaboration po ay gumawa tayo ng estratehiya na hindi kung sino-sino lang ang ating ka-partner. Pinili po natin ang ating mga magiging ka-partner na bansa na kung saan magkakaroon tayo ng mutual benefits in science and technology. And finally, binanggit ko na nga kanina ay 'yung pagtutulak natin sa mga batas na makakasupporta sa science and technology.

[Next slide, please.]

Dito na po iyong pagpapakita nung mga state-of-the-art facilities na natayo dito sa ating administrasyon. Ito pong Advanced Manufacturing Center ay nakatutok doon sa tinatawag na additive manufacturing. Kung noong araw, ang paggawa natin ng produkto ay binabawasan natin 'yung materyal, tino-torno natin, binubutasan. Ngayon po, itong additive manufacturing, mayroon ng modelo or parang computer model at sa pamamagitan ng 3D printing technology, nagdadagdag po 'yan ng material habang umiikot 'yun, nakakabuo ka ng produkto kaya additive ang tinatawag. Iyan po ay pinasinayaan noong June 2021. Ang aming naging bisita ay si Secretary Dominguez.

Kasabay din po niyan itong tinatawag nating Metals and Engineering Innovation Centers kasi po iyong aming Metal Industry Research and Development Center ay nandito lamang sa National Capital Region ay humihiling ang mga maliliit na industriya sa ating mga rehiyon na sana ay magkaroon din sila ng access sa ganitong mga serbisyo.

Hindi naman po kami makapagtayo ng mga regional offices nung Metals Industry Research and Development Center kaya ang ginawa po namin --- dahil limited po ang budget -- ay nakipag-partner kami sa mga unibersidad na kung saan doon namin itinayo 'yung mga Metals and Engineering Innovation Center. Nakapagtayo na po tayo ng lima at ang ating target ay magkaroon tayo sa lahat ng rehiyon nitong Metals and Engineering Innovation Center.

Dito po sa ibaba, ito po ay papasinayaan sa Disyembre, iyong Simulation Packaging Testing Laboratory at iyong Green Packaging Laboratory. Iyon pong green packaging, napakadaling intindihin dahil talagang nangangailangan na tayong gumamit ng mga packaging material na hindi makaka-pollute ano. Kamukha nung mga tapon nang tapon ng plastic na nakakadagdag sa ating pollution. Pero dito po, iyong green packaging ay gagamit ng mga materyal na karaniwan ay galing din sa mga natural products 'no.

At iyon naman pong Simulation Packaging Testing Laboratory, iyan ang magte-test doon sa ating mga ginagamit na packaging kung siya ba talaga ay nagbibigay ng proteksiyon doon sa produkto kasi po ang mga produkto natin ay nagbibiyahe ano. Kung saan-saan nanggagaling, kung saan-saan dini-deliver, kung saan-saan ine-export. At kung minsan, kung mahina ang packaging, iyan po ay nasisira ang produkto ano. Kaya iyan ay mayroon

tayong kailangang testing laboratory na hindi naman kailangan magbiyahe kaya diyan po sa laboratory na 'yan para na siyang nagbibiyahe.

Dito po sa ibaba ay itinayo din namin iyong Advanced Mechatronics, Robotics, and Industrial Automation Laboratory. Ito po ay ang ating tugon sa programa 'no na tayo ay magpunta na doon sa tinatawag na Industry 4.0. Iyon pong digitalization at nakikita nga natin ito mechatronics, robotics, and automation.

[Next slide, please.]

Nagtayo din tayo o nagkaroon tayo ng bagong irradiation facility sa ating Nuclear Research Institute gawa po nung napakataas na demand for irradiation services. In fact, ngayon po ay mayroon na kaming usapan na at least dalawang private companies ang magtatayo dahil napakamahal po ng pondong kailangan sa pagdadagdag ng capacity. Eh karaniwan po sa mga agricultural products na ine-export, kailangang magdaan sa irradiation at ganoon din po iyong mga gamit sa mga ospital ano para sila ay talagang ma-disinfect. Kaya iyan ay isa sa mga nadagdag during this period 2016 to 2021.

Sa ibaba po, itong ating tinatawag na Nutrigenomics Laboratory ay isa sa kaun --- ito po ang kauna-unahan dito sa ating bansa at iyan po ay importante kasi ang mga tao po kahit na magkakasing-laki o magkakasing-edad iba 'yung kanilang genetic makeup at iyan ay makapagdidikta na ang mga pangangailangan nila in terms of nutrition o gamot magkakaiba. Kaya ito pong Nutrigenomics Laboratory ang nag-aaral diyan.

Dito naman po sa gawing kanan, iyon pong mga Doppler radars natin na napalaki ang halaga. Nagsimula po tayo noong 2015. Tatlo lamang po ang ating Doppler radar. Ngayon po ay 17 na, as of 2021, sa iba't ibang bahagi ng ating bansa. At marami pa pong ibang equipment, hindi ko na lang in-enumerate.

At for the first time po, iyong Institute of Volcanology na ang kanilang Monitoring Center for Earthquake and Tsunami ay nandito lamang sa Quezon City, sa UP. Ngayon po ay sabi namin kung ano't anuman ang mangyari dito sa Kamaynilaan, kailangan mayroon tayong mirror ano nitong monitoring center na 'yan. At itinayo po namin ang unang cluster monitoring center sa Mindanao sa loob po ng Philippine Science High School Campus at balak din namin magtayo sa Visayas kasi po kahit papaano dapat ay may continuity ang ating pagmo-monitor.

[Next slide, please.]

Dagdag pa rin po dito sa mga state-of-the-art facilities, nakita naman po natin ang napakahalagang gamit ng Philippine Genome Center. Kami rin po sa DOST at sa tulong ng UP at ng CHED ang nagtayo ng kauna-unahang Genome Center bago pa po dito sa administrasyon na ito. Pero ngayon po, kinailangan natin na pati Visayas at Mindanao ay magkaroon din ng facilities na kamukha nito. Kaya tayo po ngayon at sa pamamagitan din ng inyong suporta sa DBM, nakapagtayo tayo ngayon ng mas --- ng parang kamukha din nung nandito --- hindi nga lang kumpleto pa --- sa Visayas at iyong isa ay sa Mindanao --- sa UP Mindanao mismo naka-locate 'yung sa Mindanao; ito naman po ay sa UP Visayas nakalagay.

Sa ibaba po, ito po 'yung ating Philippine National Halal Laboratory and Science Center sa Koronadal. Ito po ang pinakamalaki nating certification laboratory para sa produkto na sila ay halal kasi po pataas na nang pataas ang merkado ng mga halal products. At kailangan tayong makakuha ng share nitong merkado na ito sa ibang bansa din pati sa Pilipinas at kailangan ng certification ng halal.

Noon pong isang araw ay kasama ako sa talakayan na pinangunahan ni Secretary Andanar at ang pinag-usapan doon ay ang malaking potential ng halal products sa BIMP-EAGA ano. At kami naman po ay nagsabi na mayroon na tayong mga facilities para sa halal certification. Hindi lamang po sa Koronadal, mayroon din po tayo sa Zamboanga, mayroon din tayo sa Davao, at mayroon din tayo dito sa Los Baños 'no.

Iyon pong nasa itaas, alam po ninyo nitong mag-pandemic, napakaraming naging mahilig sa halaman ano. Iyong mga --- anong tawag natin doon? Plantitos, plantitas. At ito po naman ay isang initiative ng local government na nakipag-partner sa amin. Sa Guiguinto po, Bulacan, ay dito napakamaunlad ng mga ornamental plants business 'no.

Mayroon silang humigit-kumulang ay mga isang libong negosyante na ang negosyo ay ornamental plants. At 'yun po ay nagtayo ngayon nitong laboratory for the propagation of ornamental plants.

Sa ibaba po, ito 'yung tinatawag na Philippine Earth Data Resource Observation Center. Una pong nagkaroon 'yan, bago pa po sa ating administrasyon, dito sa Quezon City sa loob ng UP. Ito po 'yung nagmonitor ng mga impormasyon remote --- remotely obtained --- 'yung pong remote sense information mula sa mga satellites 'no.

Iyan po ay nakukuha natin hindi lamang 'yung satellite natin, pati 'yung satellite nung ibang mga ka-cooperate natin at iyan po ay pino-process dito. So nagkaroon po tayo nga ng desisyon na magkaroon na rin ng Ground Receiving Station sa Mindanao. Ito po ay nasa loob ng airport ng Davao. At 'yung pangatlo po na hindi pa tapos na tapos ay nandoon naman sa Dumangas, Iloilo pero iyon po ay pinondohan ng JICA.

[Next slide, please.]

Bago ko po iwanan 'yun, gusto ko lang banggitin na kaninang umaga pinasiya --- pinasinayaan namin 'yung Metrology Laboratory in Chemistry. Ito po ang magbibigay ng mga reference materials para sa mga laboratoryo na nagte-testing ng iba't ibang bagay katulad ng pagkain, mga de lata for chemistry testing.

At iyon pong ating ininagurahan kaninang umaga ay isang napakalaking kontribusyon dahil hindi na tayo kailangan sa ibang bansa pa umasa dito sa mga reference materials na ito.

[Next slide, please.]

Ito pong Science for Change Program dito namin naisipan na i-encourage ang mga institusyon sa iba't ibang rehiyon na palakasin ang research and development nila. Kahit po naka-focus sila sa isang produkto lang basta iyon po ang makakatulong sa ekonomiya ng kanilang rehiyon at makaka-solve sa problema nung kanilang rehiyon.

Kaya tayo po ay nakapagtayo ng 38 Research and Development Center. Ito po ay collaboration ng DOST at nung mga institusyon na nasa rehiyon. Kung titingnan natin puwede nating sabihing napakaliit na bagay lang nung kanilang inaaral pero malaki po ang kontribusyon nito sa ekonomiya nila.

Halimbawa po 'yung Freshwater Fisheries Center na nagfo-focus sa eel, 'yung igat, at saka doon sa ludong ay 'yan po ay nasa Isabela State University; iyon naman pong Citrus Research Center ay nasa Nueva Vizcaya State University; white potato is in Benguet State University; iyong sweet potato R&D Center nasa Tarlac Agricultural University; iyon pong Tamarind R&D Center nasa Pampanga State Agricultural University.

At siguro po kailangan nating ma-realize na 'yung tamarind or sampalok ay napakataas po ng demand. Hindi lamang 'yung prutas na matamis, kung hindi 'yung ginagamit sa mga pang-sigang at iba pang mga condiments.

Mayroon tayong Pili R&D Center sa Bicol; Queen Pineapple R&D Center sa Camarines State College; Garlic and other Agricultural Condiments R&D Center sa Mariano Marcos State University; Center for Crustaceans sa Samar State University; Center for Mollusk Research sa UP Visayas, sa Miag-ao; Sea Cucumber R&D Center sa Mindanao State University sa Naawan.

Ito po ay napakaganda ng progreso ng kanilang ginagawa para dumami, tumaas ang produksiyon ng isang napaka --- relatively mahal na produkto at masarap, iyang sea cucumber. Doon naman po sa Tawi-Tawi ay itinayo namin 'yung Seaweed R&D Center; at doon naman sa CARAGA ay 'yung Industrial Tree Plantation R&D Center; sa Central Mindanao ay Bamboo R&D Center; sa University of Southern Mindanao, ito po yata ay sa Davao, 'yung Cacao Research and Development Center.

At tayo po ay nag-focus din sa research sa ating mga native livestock, okay. So 'yun pong ating mga native pig, native chicken, native duck ay mahalagang resource at pagkakakitaan ng ating mga kababayan. At hindi lamang sa hindi masyadong mahirap alagaan 'yung native ano, ay bukod doon po ay masarap sila, lalo 'yung lechon na native ay napakasarap.

Okay, so tayo ay may Native Pig R&D Center sa Marinduque; Native Chicken R&D Center sa Zamboanga, Western Mindanao State University; mayroon din po tayong Halal Goat R&D Center sa Sultan Kudarat State University.

Tapos doon naman po sa area ng mga biodiversity, ito ay sa Cebu Technological University; sa UP Cebu 'yung Center for Environmental Informatics; mayroon na rin tayong Center for Lakes Sustainable Development sa Laguna State Polytechnic; at Center for Caves Ecosystem Research sa UP Los Baños.

[Next slide, please.]

Iyan pong unang 22 ay related sa agrikultura, pero 'yung susunod na slide...

[Next slide, please. Next slide.]

Ito naman po ay may kinalaman sa Industry Energy Emerging Technologies at Medical Research. Halimbawa po, ang Ateneo de Davao ay tinulungan naming magtayo ng Mindanao Renewable Energy R&D Center; sa Sto. Tomas naman 'yung Center for Advanced Materials for Clean Energy Technologies based on Indigenous Materials; sa Cagayan State University sa Tuguegarao 'yung Electromobility R&D Center, nagsimula po kami sa e-trike, okay.

At dito rin sa NCR, sa Technological Institute of the Philippines 'yung Center for Advanced Batteries, okay. Doon naman sa MSU Iligan Institute of Technology ang ating Center for Sustainable Polymers. Ito po 'yung mga polymers na galing sa natural products.

At sa Ilocos Mariano Marcos State University 'yung Coastal Engineering Research Center; sa University of the Cordilleras, Mountain Engineering Center; at sa Rizal Technological University ay ang Center for Astronomy. Tapos sa Polytechnic University of the Philippines or PUP-Manila Center for Environmental Technologies and Compliance; at 'yun namang Center for Applied Modelling, Data Analytics, and Bioinformatics for Decision-Support Systems in Health ay sa UP Mindanao.

Then, 'yung ating Center for Vector of Diseases of Public Health ay De La Salle University in Laguna; Integrated Protein R&D Center sa Ateneo de Manila University; ang Biomaterials for Diagnostics and Therapeutics ay sa Angeles University; ang Research and Development Center for Medical Robotics ay sa De La Salle Manila; ang Center for Innovations for Disaster Risk Reduction Management in Health ay sa UP Manila; at 'yung Smart Water Infrastructure Research and Development Center sa Isabela State University.

Ito po ay susuportahan natin at kung makikita natin ang kanilang mga facilities ngayon ay matutuwa kayo dahil puwede na sila talagang ika nga eh maipagmalaki itong mga R&D centers na itinayo dito sa ating panahon na 2016 to 2021.

[Next slide, please.]

Tapos in-encourage po natin ang ating mga kompanya na makipag-collaborate sa mga Research and Development Institute at sa mga unibersidad para sa research and development. Iyon po ang tinatawag naming CRADLE. Ito po ay Collaborative R&D to Leverage the PH Economy.

Kasi po 'yung mga kompanya natin nangangailangan na makadiskubre ng mga bagong produkto, teknolohiya, solusyon sa kanilang mga problema pero wala silang kakayahan ng R&D. Samantalang ang mga unibersidad at research institutes mayroong kakayahan kaya lang hindi nagtutugma 'yung kanilang research kaya binigyan namin sila ng suporta. Kung itong kompanya na ito ay may problema, mamili ka kung sino ang partner mong university at tutulungan namin kayo.

Halimbawa po ay ito ay naka-75 na kaming proyekto. Sa next slide makikita natin po 'yung mga halimbawa nitong mga partnership projects na ito for R&D.

[Next slide, please.]

Medyo --- anong tawag dito? --- high --- tawag dito? Highfalutin 'yung mga lengguwahe but halimbawa po 'yung una ay 'yung Predictive Chromatography of Organic Plant Extracts with Intelligent Agents. Ito po ay collaboration ng Pascual Pharma Corp. at ng Technological Institute of the Philippines.

Iyon naman pong susunod, Metabolomics as Tool for the Discovery of Hypocholesterolemic Natural Products from Pineapple. Iyan po ay collaboration ng University of San Agustin sa Iloilo at ng Del Monte.

Iyong pangatlo naman ay Synergize the Academe-Industry Research Undertaking to Improve Productivity through Development of Banana Diseases Surveillance System, University of Southern --- Southeastern Philippines in Davao at ang ka-partner nila ay ang HIJO Resource Corporation na producer ng banana.

Dito po malaki ang natipid nung kompanya dahil kung noong araw lahat ini-spray-an nila ng insecticide, ngayon po sa pamamagitan ng artificial intelligence, makikita nila kung alin lugar lang ang dapat spray-an ng insecticide, okay, so napakalaki ng kanilang savings.

Dito naman sa La Salle at 'yung Sante Feed Corporation ay naka-develop sila ng Cost-Competitive Aquafeed from Lab-lab. Iyon lab-lab ay parang lumot 'no, ngayon ang ginawa nila ito'y dinevelop (develop) na para na pong mga pellets kaya puwede mo nang mabili 'to ng pellets, hindi na 'yung mga -- kasi 'yung lumot ay may panahon na mayroon, may panahon na wala 'no.

Iyon naman pong collaboration halimbawa nung colla --- nung Batangas Egg Producers Cooperative nagreklamo sila dahil hindi nila malaman kung saan dadalhin 'yung mga itlog ng mga manok nila na undersized, hindi mabili 'no. Iyan po ay dinevelop (develop) naman ng UP-Diliman, 'yung tinatawag na Egg White Powder and Granules From Low Value Edible Shell Eggs.

Dito naman po makikita natin 'yung iba't iba pang research. Mayroon diyang research 'yung Central Macaroni, kung papano nila iti-treat 'yung kanilang wastewater effluents 'no at iba pa.

So sa susunod na slide naman po makikita natin 'yung ating mga tinatawag na RD leaders 'no.

[Next slide, please.]

Kung mayroon po tayong mga tinatawag na Balik Scientists na nanggagaling sa abroad na umuuwi dito para tumulong, mayroon naman tayong mga local experts na handang tumulong sa ibang rehiyon 'no. Kaya ngayon mayroon kaming programa na 'yung ating mga experts na nandito halimbawa sa Maynila o nasa Cebu o nasa Davao, puwede na silang tumulong sa iba't ibang rehiyon at sinusuportahan namin sila para rin silang Balik Scientists pero sila ay mga locals 'no.

At kung makikita po ninyo 'yung mga area of expertise nila ay very varied from marine science to renewable energy, et cetera, to artificial intelligence, biomedical engineering, additive manufacturing, at iba pa.

[Next slide, please.]

Ito naman po ay kauumpisa lang namin. Iyon pong mga kompanya, lalo na 'yung small and medium enterprises, na gusto nang magtayo ng sarili nilang R&D pero wala pa silang pera ay binibigyan po namin sila ng parang access sa funds para maka-acquire sila ng hardware and software para sa kanilang R&D facility at 'yan naman po ay babayaran nila 'no.

Ito... *[Ayan, nawala.]* Okay. Nagbigay lang ako ng tatlong halimbawa dito kasi kauumpisa pa lamang nung programa. Iyon pong Herbanext ay isang kompanya na nasa Bacolod at ang kanilang operations ay ang semi-purification of crude plant extracts which is an initial step for the production of pharmaceutical grade ingredients.

Iyong BioAssets naman po ay mostly ay ang kanilang mga ginagamot dito ay 'yung mga livestock ano. Brisk Response through relocation --- In-location Diagnosis and Genome Sequencing. At 'yun pong nasa ibaba ay napakahalaga rin 'yung Nanotronics, development of a fully advanced and highly sustainable packaging material using advanced nanotechnology materials from indigenous plants for the packaging industry. So 'yung mga natural products natin ay puwede nating ma-convert into nanoparticles at marami pong pinaggagamitan niyan.

[Next slide, please.]

Ito naman po ay hindi ko na masyadong hahabaan ang explanation dahil may mga larawan naman tayo. Ito 'yung mga halimbawa nung mga resulta

nung ating research, okay. Halimbawa po 'yung nasa itaas, 'yung Coconut Somatic Embryogenesis Technology 'yan po 'yung tissue culture research para sa coconut. Dati po ay nakakakuha lang tayo ng isang planting material sa isang mature coconut, okay. Ngayon po, puwede ka nang makakuha ng halos 300 planting material sa isang mature coconut through tissue culture technology.

At tapos 'yun pong ating research sa mga native livestock, nag-purify po tayo ng lines at saka ni-research kung paano mapapadami ang kanilang anak o kung papaano madadami 'yung pag-itlog. Kung makikita po natin 'yung halimbawa diyan, 'yung isang native pig, kung dati ay on the average anim lang ang naiaanak niya, ngayon ay napataas na hanggang walong biik ano, as an example.

Sa Tuklas Lunas po, ito po 'yung ating malaking pinagkakagastahan sa pag-develop ng mga gamot ano. At dito po sa kasaluku --- dito sa ating period na 2016 to 2021 mayroon na tayong na-develop na dalawa na ngayon ay under clinical trials, 21 for licensing as supplements and can be pursued for further clinical trials at 11 for commercialization.

Iba-iba pong sakit ang ina-address niyan at napakamahal po kasi ng clinical trials kung tayo lahat ang gagawa kaya inaalok din natin sa private company ang licensing ano. So mayroon diyan na puwede sa mga pain, puwede sa cancer, chemopreventive cases, mayroon Alzheimer's, mayroong sleep apnea, mayroon iron deficiency anemia at iba't iba pa, gastroenteritis, na puwedeng matugunan nung ating mga natuklas na derivatives from our plants.

Dito naman po sa Hospital Equipment and Biomedical Devices, marami na rin tayong na-develop na produkto. Dito po, within this administration of ours, mayroon tayong mga equipment or devices na na-develop na magagamit sa operating room, 'yung sa diagnostics na puwedeng magawa sa mga rural areas na kahit na isa lang na rural doctor ang mayroon ay puwede siyang, marami siyang diagnosis na magawa sa iba't ibang sakit; mayroon pong mga devices para sa respiratory at sa therapy and rehabilitation. Kasama na po dito 'yung ventilator projects natin.

[Next slide, please.]

Dito po nakagawa na tayo sa Los Baños ng isang Waste-to-Energy Facility, okay. Ito po ay high-temperature burning at sinisiguro lang natin na 'yung mga emissions niya ay nagmi-meet ng standards. Ito pong sample na ito ay nakage-generate ng 25 kilowatts, okay.

At tayo naman ay nagsimula na rin na makipagtulungan para itong energy audit ay magawa kasi po napakarami nating naaaksayang energy o power dahil lamang sa hindi tamang ika nga pagpaplano 'no. May mga lugar na giginawin ka sa aircon tapos magsu-sweater ka, 'yung mga ganoon ay puwedeng maremedyohan at maka-save tayo sa energy.

Sa ibaba po, ito 'yung mga hybrid vehicles, electric or hybrid na na-develop na, 'yun pong hybrid train ay naibigay na sa PNR, 'yun pong hybrid electric road train ay nasa GenSan at nasa Cauayan na at 'yan ay sinusubukan na nila at 'yun namang mga e-trike ay nandoon sa Cagayan State University ang aming sentro ng research. Mayroon din tayong automated guideway transit at 'yung hybrid trimaran natin na gumagamit ng energy mula sa waves, okay.

Dito po sa linya naman ng ating textile, dahil tayo ay mga natural fibers na tinatawag, indigenous fibers, itinayo na natin ang kauna-unahang Regional Yarn Production and Innovation Center sa Miag-ao, Iloilo at 'yan ay gumagamit ng itinatanim na cotton ng ating mga kababayan doon, cotton, pineapple at abaca. At nakakagawa na sila ng yarn na direktso nang nagagamit ng ating mga weavers kasi halimbawa 'yung mga gumagawa ng mga hablon, nagrereklamo sila dahil 'yun daw kanilang ginagamit na mga tela ay hindi na naman yari doon at galing na rin sa ibang lugar.

Kaya 'yan po ay isang breakthrough din natin. Pati na 'yung tinatawag nating non-woven fabrics. Marami tayong makukuhang non-woven fabric out of our raw materials katulad po ng bamboo.

[Next slide, please.]

Ito naman pong Food Safety Manuals na dinevelop (develop) natin ay napakaimportante para sa kaligtasan ng ating mga mamamayan sa kanilang pagkain, okay, pati 'yung mga street food, pati 'yung mga serv --- food services ay kailangan ding magkaroon ng monitoring at matuto ng mga food safety practices.

Iyan pong nasa ibaba ay may kinalaman naman sa underground water kasi po marami sa ating mga siyudad sa Pilipinas ang heavily dependent sa underground water. At ito pong technology na ito ay nakakagamit ng tinatawag na real --- real-time monitoring ng quantity at quality ng tubig na nasa underground, okay.

Dito po sa human security, siguro ay matutuwa kayo, ito hong bullet-proof vest na ginagawa sa Forest Products R&D Institute ay raw material niyan ay

bamboo, okay, na dinevelop (develop) into nanotechnology particles 'yung bamboo at ginawang bullet-proof vest.

Iyon naman pong Project BUHAWI, 'yan po ay project namin sa Philippine Navy, okay. At ito po --- actually ang meaning po ng BUHAWI ay Building a Universal Mount for Heavy-Barrel Automated Weapons Integration. Ito po ang pagbuo ng patungan ng .50 caliber machine gun para maitutok sa target kahit ang nagpapaputok nito ay nasa ibang lugar. So gumagamit na siya ng robotics and automation, at 'yan po ay ilulunsad na sa darating na mga araw basta't nagbigay na ng senyas ang Philippine Navy na puwede na nilang i-launch, okay. Pero nagawa na po 'yan.

Ang next slide naman po ay 'yung mga ginawa natin para sa COVID-19. *[Next slide, please.]* Ito po, mabilisan na lang, tayo ay nakagawa agad nung RT-PCR Diagnostic Kit. As soon as the genome sequence for COVID-19 was out from Beijing ay nakagawa agad ang ating mga researchers nitong PCR Diagnostic Kit. Na-release 'yung genome sequence noong February, by April 5 po ay may FDA approved na tayong PCR kit na gawa ng Pilipino.

Iyon pong ginagamit ngayong disease model sa IATF ay produkto din ng research, okay. Iyong FASSSTER, Feasibility Analysis of Syndromic Surveillance using Spatio-Temporal Epidemiological Modeler for Early Detection of Diseases. Iyon naman pong isang application na dinevelop (develop) ng DOST Region VI ay in-adopt na rin nationwide, 'yung tinatawag na Safe, Swift and Smart Passage or S-PaSS. Ito po ay travel management app at ngayon ay 98 na out of 121 provinces, HUCs and ICCs are using the S-PaSS, okay, at 4 million registrations na po ang ating narating.

[Next slide, please.]

Ito po ay --- itong mga studies na ginawa natin sa VCO, sa lagundi, sa tawa-tawa na mayroon namang ipinapakitang kabutihan para sa mga mild cases ng COVID-19.

At iyong ating ongoing Vaccine Effectiveness Project, kasi po kahit na sabihin nating matapos na 'yung pandemic, okay, hindi naman agad-agad mawawala 'yang SARS --- iyang COVID-19 na iyan kaya kailangang ready pa rin tayo sa mga iba't ibang klase ano 'yung pag-testing kung alin bang bakuna ang mahusay.

[Next slide, please.]

Kami po ay nagkaroon ng papel sa NTF para doon sa vaccine evaluation and selection. Mayroon kaming vaccine expert panel na gumagawa ng mga

rekomendasyon at ito ay isinusumite namin sa ating NTF. And lastly, itong ating WHO Solidarity Trial for Vaccine nagsimula na po noong September 30.

[Next slide, please.]

Iyon pong mga susunod ay may kinalaman sa productivity improvement. Ito po 'yung pag-upgrade ng mga technologies ng ating micro, small and medium enterprises. At ito po ang aming mga statistics, 2016 up to 2021, ay 4,199 enterprises po ang ating natulungan na mag-upgrade ng kanilang hardware and software para sa kanilang produksiyon.

Dito naman po sa community empowerment through science and technology, ito po 'yung mga marginalized sectors, mga indigenous people, at iba pang mga sektor, persons with disabilities, senior citizens na gusto pa ring maging productive at natutulungan po natin sila through initially interventions on water --- potable water supply, intervention on addressing malnutrition, intervention on providing access to education for children through our digital libraries, and of course, livelihood and disaster risk reduction.

[Next slide, please.]

Dito po, nagkaroon tayo ng dalawang programa nito lang 2020 at ito po iyong isa ay para sa ating mga OFWs na umuuwi at gusto nang magsimula ng kanilang tinatawag na technology-based enterprises.

Kaya iyan po ngayon ay isang napakagandang programa na marami sa ating mga OFWs ang nag-a-apply at nakikinabang na. Doon naman po sa mga provincial LGUs ay tinutulungan natin sila iyon pong mga probinsiya na gusto ng magamit ang science and technology para sa kanilang provincial development.

[Next slide, please. Next slide, please.]

Ito po naman iyong sa ating disaster risk reduction. Halimbawa ang PHIVOLCS ay naglabas ng kanilang iba't ibang app. Iyong GeoRiskPH Integrated [Database] System. Malalaman mo kung anong mga risks ang mayroon sa isang lugar. Mayroon tayong HazardHunter. Kung nandito ka sa isang lugar na ito, ano ba ang hazard ng iyong kinalalagyan ng iyong bahay, okay.

Ito naman pong GeoMapper ay nagpapakita rin ng --- iyong kung paano magamit itong ating mga data na nakukuha. At ang pinaka-recent po ay itong Spectral Acceleration Maps of the Philippines para mapaghandaan ang

mga earthquakes. Iyon po --- ito ay ginagamit ng mga inhinyero ngayon para malaman nila kung anong klaseng imprastruktura ang gagamitin nila para maging earthquake resistant. Siyam na pong --- nine cities na po ang mayroong partikular na Atlas.

[Next slide, please.]

Ito naman po ay maire-report namin na maipagmamalaki natin, ang PAGASA ay nakaabot na sa isang napakaliit na forecast error, 51.2 kilometers against the target of the World Meteorological Organization of 120 kilometer forecast error. So ganoon na po ang ating PAGASA ngayon at dinamihan nila ang kanilang mga information dissemination on climate.

[Next slide, please.]

Ito naman po ay iyong tungkol sa Smart Cities and Communities. Tinutulungan namin sila kung papaano nila magagamit iyong mga technologies para sa industry, energy, health, e-commerce, smart agriculture, transportation, at iba pa.

[Next slide, please.]

Kami po ay nagsimula na rin doon sa ating startup assistance. Mula po noong maaprubahan iyong innovative startup app ay ayon sa batas tatlong department po ang inatasan na magkaroon ng programa ng startup assistance: ang DICT, ang DTI, at ang DOST. Kaya ngayon nagsimula na po kami na sa pagtulong nung ating mga startups.

Kauumpisa pa lang po kaya ito pa lang 'yung unang mga sampung startups na natulungan na at tayo ay nakapagtayo ng 48 technology business incubators and 17 innovation hubs na sila po ang nag-aalaga doon sa mga startups doon sa kanilang mga incubators.

[Next slide, please.]

Ito naman po iyong statistics natin ng mga scholars. Kung makikita po natin mula 2017 hanggang 2021, ito po ang pagtaas na nangyari. Mula sa 30,000 noong calendar --- S.Y. 2017-2018, tayo ngayon po ay nasa 46,000 na nitong S.Y. 2021-2022. At hindi pa po kasama diyan 'yung mga natulungan nating mga estudyante sa Marawi, okay.

[Next slide, please.]

Nagtayo din po kami ng bagong programa para may mapuntahan 'yung mga nagtatapos ng ating mga Masters at PhD sa science and technology o minsan po nahihirapan din silang maghanap ng trabaho dahil wala namang mga plantilla items sa gobyerno na bago at bihira naman po 'yung mga malalaking kompanya na may sariling R&D dito sa atin.

Kaya ito pong S&T Fellows Program parang continuation pa rin nung kanilang human resource development pero sila po ay may maximum na five years. Puwede silang magtrabaho sa amin, okay, contractual using itong ating S&T Fellows Program.

Iyon naman pong Coursera Learning Program ay pinalad tayo na bigyan ng Coursera. Ito po ay online learning program ng 75,000 scholarship slots na napuno agad at ang mga nag-aral po diyan ay nakatapos ng 146,837 courses o para pong averaging two courses per scholar. At ang kanila pong feedback, 99 percent highly recommend this scholarship.

[Next slide, please.]

Patapos na po tayo. Ito naman 'yung sa Balik Scientist. Epekto po nung ating Balik Scientist Act, tuloy-tuloy na sana ang pagtaas ng bilang kaya nga noong dumating ang 2020, nagkaroon ng mobility problems kaya bumaba, okay, ng 34, 22. Pero ngayon ay pataas na rin kasi in-allow na rin namin ang virtual Balik Scientist for short terms.

[Next slide, please.]

Ito naman 'yung international collaboration. Nakalista po diyan 'yung dalawang bansa na aming pinili na ka-collaborate natin. At kung matatandaan ninyo, Ginoong Pangulo, iyong iba diyan ay nakapirmahan namin during our official visits to this country. Halimbawa doon sa Israel, sa Russia, sa Korea, sa Thailand, iyan po ay ang pirmahan natin ay during your state visit, okay.

[Next slide, please.]

So iyan lang po siguro ang masasabi natin. Active pa rin po tayo sa ating mga activities, iyong vaccine diplomacy po ay tumulong kami diyan. Partnership on vaccine development has expanded to include 35 foreign pharmaceutical and biotechnology companies from 13 countries. And I think we are moving to the last slide.

[Next slide, please.]

Okay. Ito naman po 'yung mga batas na napasa sa inyong panahon. Pero may dalawa pa po na hindi pa pasado kaya naman inilagay dito sana ay matulungan niyo kami na sana makapasa na ito sa Senado.

Iyon pong Balik Scientist Act ay napirmahan niyo noong 2018. Iyong Philippine Space Act ay napirmahan niyo noong 2019, gayundin po iyong aming Magna Carta for Scientists, amendments, iyong Innovative Startup Act noon din pong 2019. At ngayon po ay approved na sa House pero hindi pa nate-take up sa Senate itong Virology and Vaccine Institute of the Philippines at iyong Science for Change Program.

Siguro po pagwawakas, masasabi ko lang na sa Global Innovation Index sa buong mundo, tumaas po ang ranking ng Pilipinas mula sa 100 out of 125 countries noong 2014, umabot tayo sa number 50 out of 131 noong 2020.

So iyan na lamang po, Ginoong Pangulo, at masasabi ko po ay pinapahalagahan namin ang resources na ibinibigay sa amin para magkaroon tayo ng inclusive and sustainable development.

Maraming pong salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Boy. Now, I'd like to address iyang nasa -- itong virtual sa panel. I do not think that we would have the time to really hear all the reports. Maga-alas dose na. We need to rest because we have to work tomorrow.

So I will just call the last speaker for tonight si Secretary Año. And after that, we will --- the next meeting, kayo ang mauna, then we would be the last. All we would limit the speakers really iyong relevant issues for the day or --- tapos the others iano lang natin, we divide the total time for us to make the report para hindi kayo mag --- hindi na tayo maghintayan. So after three or four, we can go home and... Anyway, there are... Tatlo itong ano eh, tatlo itong --- dalawang beses itong "Talk to the People" every week.

We can make use of --- sa ano and save time. Okay. So the last speaker, I'd like to beg your indulgence gentlemen, the last speaker tonight would really be si Secretary Año lang. Then after that, we --- I am sorry, I am very sorry but ma --- ang report mahahaba eh. So next time we'll have to devise a system where some of you will report on this day and the others on the other meeting for the week sa "Talk to the People."

So, Secretary Año will...

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Maraming salamat po, Mr. President. *[Please put my slide.]* Executive Secretary Bingbong Medialdea; Senator Bong Go; fellow Cabinet secretaries; mga kababayan, magandang gabi po.

Ang iuulat ko po ay maikli lamang. Ang gusto ko lang pong iulat na sa ating bagong Alert Level System ay nagko-concentrate po tayo sa granular lockdown. At sa buong bansa po ay makikita natin na out of 46 cities, municipalities, and 272 barangays ay 413 lamang po ang naka-granular lockdown sa buong bansa. At ito ay nakakaapekto lang sa 7,000 household or 29,000 individuals.

Sa National Capital Region ay bumaba na po, 35 areas na lang po ang under granular lockdown at 148 households lang po ang naapektuhan.

[Next slide. Next slide.]

Dito naman po, makikita pa rin po ang mga recorded violations for the week. At sa pagluluwag po natin under Alert Level 2 at sa ibang mga karatig areas po na under Alert Level System, sa pagluluwag nakita natin na nagkaroon din nang pagtaas ng violation ng mga tinatawag nating health standards and protocols.

So tumaas po sa hindi pagsusuot ng mask, sa conduct ng mass gathering, at no physical distancing. Tuloy-tuloy lamang po ang aming pagpapatupad ng mga protocols na ito, Mr. President, para po sabihin natin na ang ating mga kababayan ay susunod dapat sa minimum public health standard.

[Next slide, please.]

Ito naman po ang ulat ng mga ating tri-bureau under ng department kung saan po ay masigasig ang ating pagbabakuna. Nagpapasalamat po kami kay Secretary Charlie Galvez at Sec. Vince Dizon sa pagbibigay ng bakuna sa ating unipormadong hanay.

So makikita po natin ang PNP sa first dose po 98 percent na at sa kabuuan po ay 74.53 percent ang ating nabakunahan ng fully vaccinated policemen. Sa atin pong Bureau of Fire ay makikita natin po 76 percent na po ang fully vaccinated at sa BJMP naman ay 81 percent.

[Next slide, please.]

Sa atin pong anti-illegal drug operation, nakapagsagawa tayo ng 1,069 --- I mean, 768 operations at nagbunga po sa pagkakaaresto ng 1,069 drug user

and drug pusher. At dito po ay makikita natin na tatlo ang nasawi sa mga nasabing operations at siyam naman ang kusang sumuko. Sa kabuuan, ang total estimated value na ating nasamsam na mga ipinagbabawal na gamot at substance ay umaabot sa P33,098,400.

[Next slide.]

Dito naman po sa pinag-utos ninyo na aming kausapin ang mga local government units katulad po ng ulat kanina ni Secretary Duque at Secretary Galvez, naganap po ang pulong, Mr. President, noong Biyernes at ito po ay isang pagpupulong na nag-participate ang DILG, DOH, ang NTF-COVID at ang mga local government units na pinangungunahan ng ating mga governors at mga mayors. At dito po ay inilabas natin ang direktiba sa ating kagawaran na naglalayong mapabilis ang utilization ng mga bakunang ipinagkakatiwala natin sa mga lokal na pamahalaan. Nakasaad sa direktibang ito na inaasahan natin ang patuloy na koordinasyon ng LGUs sa Regional Vaccination Operations Centers at siguraduhin na nakapagsumite sila ng kanilang vaccination reports sa tamang oras upang malaman natin kung gumagalaw ba ang mga bakunang ating ipinagkakatiwala sa LGUs at makasiguro na walang masisira o masasayang na bakuna at maibigay ito sa mga kababayang naghihintay ng kanilang COVID-19 vaccine.

Natutuwa po tayo na ang mga governors at mayors ay nagbigay ng commitment upang doblehin ang kanilang performance. Naglabas din ang Kagawaran ng kahalintulad na direktiba para naman sa mga DILG regional directors, sa ating BARMM Interior and Local Government minister upang sapat na magabayan ang LGUs sa tamang storage at handling ng mga gamot at masigurado ang mabilis at maibigay ang bakuna sa taong-bayan.

Para naman sa mga --- para naman po mahikayat ang mga tao na magpabakuna, ang ating LGUs ay magsasagawa nang mas maiigting na advocacy campaign at magpapasa ng mga ordinansa na bibigyan ng mga insentibo ang fully vaccinated na kababayan natin sa mga economic and social activities.

Napag-usapan din po namin sa aming pagpupulong na ito ang maraming best practices ng ilang local chief executives at natutuwa pa rin po tayong madinig mismo sa ating mga mayors at governors na handa silang tumulong sa kanilang mga karatig-probinsiya, lungsod o munisipyo upang mapabilis ang administration ng COVID-19 vaccine lalo na sa mga LGUs na kulang sa manpower at logistical capabilities.

Sa susunod pong linggo ay ating ipa-publish ang vaccination rate at performance ng bawat probinsiya at siyudad sa buong bansa. At dito rin po

ay naghahanda na tayo para sa ating National Vaccination Day na gaganapin po sa November 29, November 30, at December 1. Patuloy po nating isasagawa ang paspasang pagbabakuna sa ating mga kababayan.

Iyan lamang po, Mr. President, at magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. So that would wind up our discussions for tonight. I said, much as we would like to hear the report, we do not have the time really. The material time to do it because we have to rest.

Everybody is past 50 years old, and we need to sleep, or else we will collapse. A lot of officials nowadays collapsing. May bagong --- sinong --- sino 'yung bagong nag...? Ah si Secretary Guevarra. Maubos kami dito. Well, I'm the youngest so hindi masyado ako. Sila si --- sila si ano. Well, actually I'm the oldest.

So mga kaibigan ko nakikinig kayo, it is good that you see and observe the -- itong periodic meetings namin. Makikita mo na we are so --- it's very loose, informal, but we get to have our message come across to the public.

So we will have a discussion again. Paunahin natin 'yung mga projects where the money. Itong mga ito na ano, baka akala ninyo walang pera, it involves huge amount of money itong dini-discuss nila Secretary Año and ni Boy.

There's a lot of investments going on sa gobyerno, sa DOST. It is really to improve the --- for whatever is available in the hands of the Filipinos right now.

So, thank you for joining us tonight and may I say good day. Hindi na kasi namin malaman kung --- this is a pre-recorded 'to --- kung ipalabas ito sa gabi o sa araw. So good day na lang para ano.

Salamat po. *[applause]*

--- END ---